NANGUNGUNANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Hulyo 16-31, 2019



BAGONG MANUNULAT

## IGINUHIT MULA SA ALAALA

Ni ROMMEL A. PAMAOS

NOBELA

## SA MGA PANGIL NI GORGO

Ni JD RONQUILLO

TULA

## PABAON

Ni ADRIAN PETE MEDINA PREGONIR

LATHALAIN

## ISA PANG NOBELANG BUBUHAY SA PANITIKAN NG MASA

Ni EFREN R. ABUEG, PhD

# Rhed Bustamante

MANILA BULLETIN PUBLISHING
9 771165 698142
ISSN 1666-98-14

EESM BOOKSTORE
Telefax (02) 905-2351 / 930-9728
CP# 09052849354

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ad

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


NOBELA

6 **Kasaysayan Ng Kalibutan (2)**
Edgar Calabia Samar

8 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (7)**
Efren Abueg

10 **Higit Na Matibay (30)**
Armando T. Javier

12 **Saka Na Lang Kita Mamahalin (15)**
Neri Jedeliz

KUWENTO

4 **Biyahe**
Jeng Guansing de Dios

14 **Konsensiya**
Armando T. Javier

16 **Iginuhit Mula Sa Alaala**
Rommel A. Pamaos

AGRIKULTURA

18 **Ube: Isang Biyaya...**
E. S. Godin

LATHALAIN

26 **Dapat Bang Itigil Ang Pagtuturo Ng Filipino Sa Mga Kolehiyo?**
Lilia Borlongan-Alvarez

28 **Isa Pang Nobelang Bubuhay Sa Panitikan Ng Masa**
Efren R. Abueg, PhD

30 **Masasabi Mo Bang Matured Ka Na?**
Chad Faller

KOMIKS

37 **Sa Mga Pangil Ni Gorgo (1)**
JD Ronquillo / Franklin Batolinao

40 **Ang Babaeng Pinangakuan (2)**
Alquin M. Pulido / Arnel R. Coronel

43 **Lover Boy (3)**
Elena M. Patron / Rico Rival

46 **Sa Mundong Iyon... (42)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos

49 **Ang Saksi**
Amado Bravo / Florence Maglalang

54 **Doro Dora**
William Contreras

TULA

56 **Pabaon**
Adrian Pete Medina Pregonir

KOLUM

20 **Epektibong Pagtuturo**
Pat V. Villafuerte

22 **Buklat/Mulat**
Dr. Eugene Y. Evasco

24 **Haraya**
Dr. Michael M. Coroza

31 **Magluto Tayo**
Mareng Lena

33 **Tatak Pilipino**
Boy A. Silverio

52 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

SHOWBIZ

34 **Rhed Bustamante, Nagpakatatag At...**
Nonie V. Nicasio

35 **Alden Richards, Malayo Na Ang Narating...**
Nonie V. Nicasio

35 **Showbiz Trivia**
Julio Silverio, Jr.

LIBANGAN

36 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

53 **Magtawanan Tayo!**
*Felipe Sungcang*
*Anthony Locsin*
*Eric S.B. Libre*

54 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

54 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*










# BIYAHE

Ni JENG GUANSING-DE DIOS




"Kumusta naman ang maghapon ninyo, mga mahal kong estudyante? Bakit parang may amoy himagsikan? Aba, parang nagpaaraw na naman kayo maghapon, ha!"

MADILIM-DILIM pa, nag-aabang na si Janine ng dyip patungong estasyon ng LRT-2 sa Santolan. Hahabulin niya ang unang biyahe ng tren pa-Recto. Doon na sila magtatagpo ng mga kaibigan. Pagkatapos, babagtasin nila ang tulay mula Recto patungong estasyon ng Doroteo Jose, LRT-1 naman. Kailangan nilang magmadali dahil tiyak na mapasasabay na naman sila sa buhos ng mga pasaherong mas pinipiling makipagsiksikan sa tren kaysa makipagbuno sa napakahaba at nakahihilong trapik.

Hindi sanay ang dalaga sa biyahe. Madali siyang maliyo sa pagtingin-tingin sa nagsasalimbayang mga tao. Idagdag pa ang samu't saring amoy ng mga mananakay na pare-parehong nanggigitata sa pawis dahil sa init at patakbo-takbong istilo ng paglalakad. Lahat ay nakikipaghabulan sa oras. Karaniwan ay mga estudyante't trabahante.

"Janine! 'Oy, *girl!*"

Napalingon si Janine sa pinanggalingan ng pagtawag— sia Bella. Nauna ito sa kanya sa tagpuan. Sunod-sunod na ring nagsirating sina Mark, Alvin, Beth, at Sheryll. Sina Pao at Bem daw ay mauuna na sa *venue*, sa San Andres Sports Complex sa Malate.

Nang makitang kompleto na ang tropa, nagyaya na si Janine. "Tayo na, *guys*! Wala na naman tayong mauupuan doon. Isa pa, baka maagang dumating ang *lecturer* natin ngayon, hindi natin maririnig ang ibang *topics*," aniya. "Istrikto pa naman 'yon sa mga *late*."

Pagdating nila sa estasyon ng Doroteo Jose, pila-balde na ang mga pasahero sa ruta patungong Taft Avenue. Taob na taob ang pila sa mga bigas ng NFA. Maging ang pila sa rasyon ng tubig ay walang binatbat. Tinawag ng guwardiya si Janine,

# Iginuhit mula sa Alaala

Ni ROMMEL A. PAMAOS



"Bakit siya magbibigay sa atin ng mababang score sa drawing. Teacher lang naman siya. Hindi naman siya artist."

INITSA niya ang sapatos pagpasok sa bahay. Hinubad ang kanyang ID. Hinagis ang kanyang bag sa sahig.

Sumilip siya sa ilalim ng kama saka kinuha roon ang isang malapad na kahon. Hinipan niya ang alikabok sa ibabaw. Nabahing siya ngunit nilinis pa rin ng kamay niya ang ibabaw nito. Pigil ang hininga habang binubuksan dahil baka mabahing ulit. Pigil din dahil sa kaba.

"Si Ma'm. Ang baba ng ibinigay sa *drawing* ko."

"Patingin nga ako. Ayos naman 'yan, 'tol, a. Ganda nga, e."

"Bakit siya magbibigay sa atin ng mababang *score* sa *drawing*. Teacher lang naman siya. Hindi naman siya *artist*."

Nagkunwaring hindi narinig ni Annie ang usapan ng kanyang mga estudyante. Pagkatapos kasi ng isang talakayan nila tungkol sa maikling kuwentong Impeng Negro ay binigyan niya ng takdang-aralin ang mga bata.

"Iguhit ninyo ang inyong impresyon sa inyong nabasa. Gusto kong makita kung paano niyo bibigyan ng sariling kahulugan ang inyong nabasa sa pamamagitan ng pagguhit."

Totoo namang maayos ang *drawing* ng kanyang estudyante. Marunong kaysa sa iba. Kilala rin niya ang estudyanteng ito bilang isa sa kanyang pinakamagaling. Kaya nga lang ay may pagka-*grade conscious*.

Isang kulot at maitim na tao na nakapaibabaw sa duguang tao. Para mong tinitingala si Impeng sa guhit ng bata. Pero mababa ang ibinigay niyang grado. Para sa kanya ay kinopya lamang ng bata ang imahen sa libro. Ang sabi niya'y bigyan ng sariling kahulugan.

Naisip niya na lamang na ang mga bata ngayon ay pawang mga taklesa. Walang pakialam kung nandiyan ang guro nila. Sasabihin ang gustong sabihin. Samantalang noong panahon nila ay kailangang nasa kasulok-sulukan pa muna sila ng bahay nila bago pag-usapan ang *teacher* nila. Kahit wala pa nga ay pabulong pa rin ang pagbanggit ng pangalan o kaya naman ay gamit lang ang *initials*.

Akala niya ay hindi siya tatablan ng sinabi ng kanyang estudyante. Ngunit nang kumakain na si Annie ng tanghalian, kasabay ng paglunok sa mainit na sabaw ng sinigang ay ang dahang-dahang pamimigat ng kanyang dibdib.

"Teacher lang naman siya. Hindi naman siya *artist*."

Gumapang sa kanya ang isang nasang matagal na niyang itinago sa kanyang loob. Pumasok ang bata sa loob ng *faculty* nila. May inabot sa *adviser* nito. Tiningnan niya ito na wari bang sinusukat ang pagkatao nito.



**Si Rommel A. Pamaos** ay guro sa Filipino at modereytor ng Lapis ArtCom. Kumukuha siya ngayon ng Sertipiko sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Ang maikling kuwento niya ay tumanggap ng Ikalawang Gantimpala mula sa Saranggola Blog Awards X. Grand Prize at Honorable Mention naman ang mga kuwentong pambata niya sa 8th *Children's Story Writing Contest* ng Lampara Books. Ito ang kauna-unahan niyang kuwentong matutunghayan sa pitak na ito. – ***(PCM)***

# Ube: Isang Biyaya Na Tila Nakaligtaan

**Ni E.S. GODIN**



Sa Ubi Festival sa Bohol matutunghayan ang iba't ibang produkto ng ube.

Mga larawang kuha ni COY P. PO

ANG ube ay isa sa mahalagang halamang ugat (*rootcrop*) sa bansa na tila nakaligtaan ng karamihan. Malaki ang potensiyal nito— animo'y tipak ng ginto na dinadaan-daanan lang ng ibang di nakakaalam— dahil sa lumalaking pangangailangan nito sa lokal na merkado at maging sa ibang mga bansa. Aywan ko nga ba itong ibang mga magsasaka. Kung ano iyong nakasanayan nilang itanim iyon at iyon na lang din lagi ang itinatanim. Tila lumihis sa kanilang kaalaman na ang ube sa ngayon ay isa sa mga pananim na nangangako ng magandang kita.

Bakit 'kamo? Ayon pa sa Department of Trade and Industry, isa ang ube sa limang nangungunang produkto na pang-eksport, na ang *demand* nito ay patuloy na lumalaki. Isa kasi itong mahalagang sangkap sa mga lutuin lalo na sa paggawa ng *ice cream*, *halo-halo*, *cake*, *brownies* at marami pang iba. Kahit pa nga sa tradisyonal na gamit, isasaing halimbawa, panghalo sa puto, suman, o kaya'y isasahog sa ginataan, pampalapot sa mga lutuing ulam, 'di patatalo sa sarap ang ube. Dito sa Pilipinas at maging ang ini-*export*, ibinibenta ito sa anyong *puree*, *powder*, *dried chips*, *cubes in syrup*, halaya at iba pa.

Ang kagandahan pa nito, puwede itong iimbak nang matagal-tagal na panahon pagkatapos maani na di masisira at saka ibenta kapag maganda na ang presyuhan. Ingatan lang na 'di ito masugatan saka ilalagay o kamadahin sa malilim at malayang napapasok ng hangin ang lugar.

Ang mga inaning 'di naiwasang nasugatan, budburan n abo ang bahagi na may sugat at antayin itong maghilom o matuyo ang sugat bago ito isasama sa iniimbak.

Ang presyo nito sa mga palengke ay karaniwang nag-uumpisa sa P50.00 bawat kilo ngunit tumataas at umaabot ito sa P120.00 o higit pa isang kilo lalo na sa pagsapit ng Pasko. At ang isang tanim ay maaaring maanihan ng mula dalawa hanggang sampung kilo o higit pa depende sa luso ng pananim. Ang isang ektarya, ayon sa mga eksperto, pupuwedeng mataniman ng humigit-kumulang labintatlo libong puno o tanim na tinatayang aani ng 20 hanggang 50 tonelada. O, ayaw mo pa ba niyan?

# Rhed Bustamante, nagpakatatag at bumangon sa mga dagok ng buhay

NI NONIE V. NICASIO

ANG *child actress* na si Rhed Bustamante ay muling aktibo ngayon sa mundo ng *showbiz*. Pero, bago nakabalik sa *limelight* ay marami rin siyang pinagdaanang dagok sa buhay sa kanyang murang edad.

Makulay at madrama ang *life story* ni Rhed na na-*discover* sa *Showtime Babies* ng *It's Showtime* noong halos *five years old* pa lamang siya. Nagbida sa *TV series* na *Flor de Liza* bilang si Liza, naging batang Meg Imperial sa *Galema, Anak ni Zuma*, at Melay sa *Pusong Ligaw*.

Nagmarka nang husto si Rhed sa 2016 MMFF *horror movie* ni Direk Erik Matti na *Seklusyon* at nanalo siya ng *jury award for acting*.

Ngunit mula rito, naging matumal ang pagdating ng *projects* sa kanya at sa kasamaang palad ay sabay-sabay pa silang nagkasakit ng kanyang mga magulang.

Idagdag pang nawalan siya ng mga proyekto sa telebisyon at pelikula, kaya nagsimulang maranasan ng pamilya niya ang maputulan ng kuryente at mapalayas sa inuupahan nilang bahay. Dahil dito, napilitan sila Rhed na magtinda ng kape at tinapay sa tabi ng riles ng tren. Naging malaking hamon din sa kanya ang pagkakaroon noon ng pambihirang sakit sa balat.

Ngunit ito ang nagsilbing susi para mai-*feature* siya at ang kanyang kalagayang ito sa *Rated K* ni Ms. Korina Sanchez, napansin ni Coco Martin, at kalaunan ay napasali sa *top rating TV show* ng ABS CBN.



Mga larawang kuha ni Wilson Fernandez

Kumusta na si Rhed pagkatapos ng lahat ng kanyang pinagdaanang ito sa kanyang buhay?

"Mas okay na po, nagtitinda pa rin po kami dahil ayaw po naming bitawan. Ngayong nasa *Ang Probinsyano* na ako, maayos naman po ako. Okay na rin po 'yung sakit ko (*skin disease*)," esplika niya.

Kabilang sa naipundar ni Rhed sa kanyang ikalawang pagkakataon sa *showbiz* ay sasakyan, mga gamit, at iba pa. At mas maayos na rin ang kanilang tinitirhan ngayon.

Sa kasalukuyan, bukod sa napabilang si Rhed sa *casts* ng *FPJ's Ang Probinsyano*, kasali rin siya sa *forthcoming horror movie* na *Sunod*. Ito'y mula sa *film company* ng direktor na si Paul Soriano at tinatampukan nina Carmina Villaroel, Krystal Brimner, at Mylene Dizon, *directed by* Carlo Ledesma.

Tiyak na mas lalo pang hahataw ang *career* ni Rhed dahil nasa pangangalaga na siya ng Mannix Carancho Artist and Talent Management ng kilalang *businessman* at *owner* ng Prestige *beauty brand* na si Mannix Carancho. Katuwang ni Mannix sa Talent Management *venture* na ito ang PR & Marketing Consultant ng Prestige na si Amanda Salas.

Ayon kay Rhed, umaasa siyang makagawa ng *project* na nandoon na lahat, may drama, may *comedy*, at *action*, dahil gusto raw niyang mas ma-*challenge* ang kanyang sarili at gusto niyang may bago sa mga ginagawa niyang proyekto.

Si Rhed ay bunso nina Mr. at Mrs. Lemar at Ceciline Bustamante sa tatlong magkakapatid na sina Rynce, 21 *years old* at Rhoncie, 18 *years old*.



Ang *12 years old* na batang aktres ay kasalukuyang Grade-7 sa APEC School sa Sampaloc, Manila. Ipinahayag ni Rhed na kahit naging abala ulit siya sa pag-aartista ay hindi niya pababayaan ang kanyang pag-aaral.

"Hindi naman po naaapektuhan iyong pag-aaral ko, kasi ngayon may *cut-off* naman po. Panghapon naman po ako, 'tsaka marami naman pong paraan para makapag-aral ako nang maayos.

"Hindi ko kinakalimutan 'yun dahil alam ko ang kahalagahan ng edukasyon sa bawat bata. *So*, kahit nasa *showbiz* po ulit ako, tuloy 'yung pag-aaral ko at di po ako puwedeng mag-*stop* sa pag-aaral ko," nakangiting saad pa niya.

Nabanggit pa ni Rhed ang natutuhan niya sa buhay-*showbiz* bunsod ng mga pinagdaanang pagsubok sa buhay.

"Ang natutunan ko po, hindi po sa lahat ng oras pala ay laging may *show*, laging may nandiyan na *projects* para sa iyo, iyong laging mayroon ka... Minsan po pala ay mawawalan ka rin, pero may kapalit iyon na mas maganda pa.

"Kaya ngayon ay laging *focus* po ako sa *career* ko, sa pag-aaral, at sa *family* ko. Sila po ang *priority* ko lagi," saad pa ni Rhed. L

# **Alden Richards,** malayo na ang narating mula sa pagiging commercial model

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

**NAGSIMULA** ang karera ni Alden Richards sa *showbiz* nang siya'y sumabak sa pagiging *commercial model.*


Si Alden ay ipinanganak sa Quezon City, ngunit lumaki sa Sta. Rosa, Laguna. Siya ang ikalawang anak nina Richard Peralta Faulkerson Sr. at Rosario Reyes. Siya'y may dalawang kapatid, isang kuya at ang bunsong kapatid na babae.

Nag-aral sa Paco Catholic School at Colegio de Santa Rosa de Lima High School kung saan siya nagtapos. Kumuha ng Business Management *course* sa De La Salle Canlubang sa Laguna, ngunit hindi ito natapos ni Alden. Pangarap ni Alden na maging piloto, ngunit hinimok siya ng ina na subukin ang *showbiz.*

Nang mamatay ang kanyang ina, upang makatulong sa pamilya *financially* at matupad ang pangarap ng ina na siya'y maging aktor, si Alden ay lumahok sa iba't ibang *male beauty pageants* sa Laguna at naging *part-time commercial model.* Kabilang sa natamo niyang titulo ay Ginoong Sta. Rosa 2009 at Ginoong Laguna 2010. Noong 2009, sinubukan niya ang kapalaran sa *reality TV shows* na *Starstruck* at *Pinoy Big Brother*, ngunit hindi pinalad.

Gayunman, nagpursige pa rin siya para maabot ang inaasam hanggang dumating ang kanyang suwerte nang mag-*audition* at matanggap sa Kapuso Network sa *TV series* na *Alakdana* katambal si Louise delos Reyes. Sumunod ay napabilang si Alden sa *Tween Hearts* at sa Sunday *variety shows* ng GMA-7 na *Party Pilipinas* at *Sunday All Stars.*

Unang pelikula ni Alden ay *Tween Academy: Class of 2012*, sumunod ay ang *The Road* na pinuri ang kanyang husay nang gumanap bilang *psychopath.* Taong 2015 nang mapabilang siya sa *longest running noontime variety show* sa bansa, ang *Eat Bulaga* bilang *host* sa *segment* na *That's My Bae.*



Larawang mula sa aldenrichards.weebly

Naganap ang masasabing pinaka-*memorable* na yugto ng kanyang *career* noong July 16, 2015 sa isang *episode* ng *Juan for All, All for Juan segment*, nang si Alden ay ipinareha *accidentally* sa Dabarkads *co-host* na si Maine Mendoza na kilala rin noong bilang Yaya Dub. Naging *super-hit* ang kanilang *tandem* at nabuo ang AlDub na naging *phenomenal* at pinagkaguluhan nang sobra ng mga tao.

Bukod sa mga *awards* at matagumpay na mga negosyo, si Alden ay nagkaroon din ng ilang *albums.* Ngayon, inaabangan na ang pelikula nila ni Kapamilya *star* na si Kathryn Bernardo *titled Hello, Love, Goodbye.* Mula Star Cinema at pinamahalaan ni Direk Cathy Garcia-Molina, ito'y mapapanood na sa mga sinehan sa July 31.

Ayon kay Alden, *tribute* sa mga kababayan natin sa Hong Kong ang kanilang pelikula ni Kathryn. Ito ay istorya ng OFWs na sina Joy (Kathryn) at Ethan (Alden) na nakabase sa Hong Kong. Makikita rito kung paano sila nag-*struggle* upang piliin ang pagmamahal sa isa't isa o ang pagpupunyagi para sa kanilang mga pangarap sa buhay.

## SHOWBIZ TRIBYA

Ni JULIO SILVERIO, JR.

**NAGSIMULA** sa pelikula si Ilonah Jean noong 1990 at nakagawa nang maraming pelikula gaya ng drama at *action.* Ilan sa kanyang pelikula ay nagbigay sa kanya ng parangal bilang *new promising star* at *best supporting actress.* Nagsimula si Ilonah Jean Santos sa pelikula sa edad 13 habang nag-aaral siya sa Trinity College sa Quezon City at kumuha ng kursong Mass Communications sa nasabing kolehiyo. Kumuha rin ng Theater Arts sa University of the Philippines. Pumasok din bilang Bank Teller sa Wells Fargo Bank sa Reno Nevada. Naging *contract artist* sa dalawang higanteng TV *network* na ABS-CBN at GMA 7.

-o0o-

**BAGO** nakapasok sa *showbiz* si Joey Marquez, una muna siyang naging *basketball player.* Noong 1978, napabilang siya sa RP-World Basketball Championship Team. Naging miyembro rin siya ng Refrigeration Industries sa MICAA (1977-78).



Joey Marquez

At noong nasa *second year high school* ay napabilang din siya sa *basketball team* ng Angeles University.

Unang gumanap ng kanyang *starring role* sa "Tagos Ng Dugo" noong 1987. Namasukan din bilang isang *janitor* sa Pampanga. Kumikita lamang ng pitong piso isang araw.

Ikinasal sila ni Alma Moreno sa Los Angeles, California noong Disyembre 17, 1989.

-o0o-

**BAGO** naging artista si Pilar Pilapil, itinanghal siya bilang Bb. Pilipinas ng 1967 at siya ang naging kinatawan ng ating bansa sa Miss Universe Contest sa Miami, Florida, USA.

Nagsimulang maging artista noong Setyembre 1968. Unang gumanap at naging bituin sa pelikulang "El Nino" ng FPJ Productions bilang katambal ni Andy Poe. Humigit kumulang sa 100 pelikula na ang kanyang nagampanan.

Ang pelikulang di malilimot ay ang "Buy One, Take One" dahil sa naiiba raw sa karaniwan ang ginampanan niyang papel dito.

-o0o-

**KASALUKUYANG** nag-aaral sa Institute of Accounts ng Far Eastern University si Ramon Revilla noong 1952 nang siya'y madiskubre bilang isang artista. Maganda na ang tikas ng kanyang katawan noon at tamang-tama sa kanyang pagiging isang *six-footer.* Ang tunay niyang pangalang Jose A. Bautista ay ginawang Gallardo Acuna ng LVN Pictures at ipinakilala siya sa kanyang unang pelikula, "Tatlong Bagwis" na tinampukan ni Leopoldo Salcedo.



Ramon Revilla

Pagkatapos makagawa ng apat na pelikula sa bakuran ng LVN, ipinasiya ni Ramon na lumipat ng ibang produksiyon sa dahilang naiinip na siya sa kanyang pagiging ganap na bituin doon. Sa Sampaguita Pictures niya natagpuan ang katuparan ng kanyang pangarap na maging bida sa unang pagkakataon. Ito sa pelikulang "Ulila Ng Bataan", katambal si Sylvia La Torre. Dito siya nabigyan ng pangalang Ramon Revilla. Nakagawa siya ng 30 pelikula sa Sampaguita sa loob ng anim na taon niyang pananatili roon. L

Mga larawang mula sa Google

# PABAON

Parang mga kandilang dumidilat-pumipikit
Ang iyong mga mata habang
Nakahiga ka sa aking dibdib,

At,

Hanggang sa matapos o maglaon man,
Sasalaysayan pa rin kita
Ng aking hindi mamamatay na kuwento
Sa pagkabata.

At tila ba mga pira-piraso ng kendi't tinapay
na iniiwan sa nilalakarang parang
ang aking mga salita na hinihila ng aking
Dila palabas sa aking bibig
na patuloy kong bibigkasin
Upang matunton mong muli ang daan
pabalik sa panahong maliligaw ka namang
muli sa tinatahak mong landas.

Ngunit sa iyong paghimbing,
Hindi iyang kendi't tinapay
Ang pabaon ko, Toto,
Kundi ang pira-piraso ng aking salaysay
Na alam kong tutukaing muli
Ng iyong alaalang magiging
Hinog na kamyas.

Babalikan mong muli ang lahat
Ng aking sinabi.

Sa iyong paghimbing,
Pabaon ko ang aking huling salita



- ADRIAN PETE MEDINA PREGONIR